Australian Government
AUSTRAC

PAMPUBLIKONG PAHAYAG

Maglulunsad ang AUSTRAC ng kampanya laban sa iligal na mga negosyong pagpagpapadala ng pera

Ang AUSTRAC ay naglunsad ng isang kampanyang tututok sa mga iligal na negosyong pagpapadala ng pera.

Ang mga negosyong pagpapadala ng pera na hindi nakarehistro sa AUSTRAC at pinapatakbo nang labag sa batas ay lubos na nanganganib na maabuso ang kanilang mga serbisyo ng mga grupong kriminal dahil wala silang kaparehong antas ng proteksyon sa panganib na gaya ng nakatalaga sa nakarehistrong mga negosyong pagpapadala ng pera.

Ang mga negosyong pagpapadala ng pera na hindi pinansiyal na mga institusyon gaya ng bangko o credit union ay nag-aalok ng mahalagang serbisyo sa kanilang mga komunidad dahil nagbibigay-daan ito upang sila ay makapagpadala ng pera sa pamilya at mga kaibigan sa ibang bansa kung saan maaaring ang mga tradisyonal na mga serbisyo sa pagbabangko ay hindi nakukuha.

Noong 2018/19, ang mga indibidwal at mga negosyo ay nag-ulat ng $60 bilyong halaga sa pagpapadala ng internasyonal na mga pondo at natanggap ng mga tao sa Australya gamit ang nakarehistrong mga serbisyong pagpapadala ng pera. Sa taon ding ito ay humigit-kumulang 17.3 milyong transaksyon ang inulat sa pamamagitan ng nakarehistrong sektor ng pagpapadala ng pera (remittance) sa Australya.

Ayon kay Nicole Rose, ang CEO ng AUSTRAC, ang hindi nakarehistrong mga negosyong pagpapadala ng pera ay kumakatawan sa tunay na banta sa mga komunidad ng Australya dahil ang mga ito ay ginagamit na kanlungan ng mga kriminal sa pagpapadala ng pera upang pondohan ang kanilang mga kriminal na gawain.

"Ang money laundering ay nagbibigay-daan sa kriminal na gawain na nagdudulot ng tunay na pinsala sa mga Australyano, tulad ng pangangalakal ng tao, pagsasamantala sa bata, ilegal na mga pagbenta ng baril at pangangalakal ng droga.

Ang nakarehistrong mga negosyong pagpapadala ng pera ay may mahalagang papel sa pangangalaga ng pinansiyal na sistema ng Australya laban sa kriminal na pang-aabuso.

Pinag-uutusan silang magtalaga ng angkop na mga pananggalang o safeguard upang patatagin at pangalagaan ang kanilang negosyo laban sa mga kriminal na sumusubok gamitin ang mga ito upang mag-launder ng kanilang maruming pera (dirty money). Ang pagsuporta sa hindi nakarehistrong mga negosyong pagpapadala ng pera ay posibleng makaakit ng mga kriminal sa komunidad", ayon kay Binibining Rose.

Upang pataasin ang kamalayan ng publiko sa mga panganib na banta ng ilegal na mga negosyong pagpapadala ng pera, ang AUSTRAC ay magsasagawa ng kampanyang pang-komunidad. Ang mga kawani ng AUSTRAC ay bibisita sa mga komunidad at nakarehistrong mga negosyo sa buong Australya upang talakayin ang mga bantang dulot ng hindi nakarehistrong mga negosyong pagpapadala ng pera, at kung paano magagawang isumbong ng mga tao nang hindi nagpapakilala ang pinaghihinalaang hindi nakarehistrong mga negosyo. Ang mga miyembro ng komunidad ay hinihikayat na gumamit ng nakarehistrong mga negosyong pagpapadala ng pera na nakalista sa website ng AUSTRAC.

Ang kampanya ay magsasagawa ng mga serye ng mga pulong sa town hall na gaganapin sa Sydney, Melbourne, Perth at Brisbane upang pataasin ang kamalayan sa mga panganib sa komunidad na nauugnay sa mga hindi nakarehistrong mga negosyong pagpapadala ng pera sa buong buwan ng Setyembre hanggang Nobyembre.

"Ang mga negosyo na nagpapaubaya ng hindi nakarehistrong serbisyong pagpapadala ng pera ay dapat nang huminto kaagad at makipag-ugnayan sa AUSTRAC upang simulan ang proseso ng pagpaparehistro," ayon kay Binibining Rose.

May malalaking parusa para sa mga negosyo na nabigong magparehistro sa AUSTRAC, kabilang ang mga multa na aabot sa $420,000, pitong taong pagkabilanggo, o pareho.

Upang malaman ang higit pa tungkol sa isyu ng mga hindi nakarehistrong mga negosyong pagpapadala ng pera, bisitahin ang www.austrac.gov.au/moneytransfer

Kontak sa media:
media@austrac.gov.au
telepono: (02) 9950 0488

Mga halimbawa

Mga kahihinatnan ng hindi nakarehistrong mga negosyong remittance (pagpapadala ng pera)

Halimbawa 1:

Si Binibining Smith ay nagpapatakbo ng isang negosyong nakatalaga sa Sydney na tumatanggap ng pera mula sa mga tao sa kanyang komunidad, kabilang ang mga kaibigan at pamilya, at ginagawa niyang makuha (ang perang) ito ng kanilang mga kamag-anak sa ibang bansa. Kasabay nito, ang kanyang negosyo ay tumatanggap din ng pera mula sa ibang bansa at ginagawa itong makuha ng kanyang mga kaibigan at pamilya sa Australya. Isang rekesito para sa isang negosyo na nagsasagawa ng ganitong gawain ay ang magparehistro sa AUSTRAC. Ang pagkabigong magawa ito ay maaaring magresulta sa mga multa na aabot sa $420,000 o posibleng pagkakulong o pareho.

Halimbawa 2:

Si Binibining Green ay nagpapaubaya paminsan-minsan ng serbisyong pagpapadala ng pera mula sa kanyang bahay para sa mga tao sa kanyang komunidad. Ang mga tagubilin sa pagpapadala ng pera na natatanggap niya mula sa kanyang komunidad ay karaniwang nagsasangkot sa mga miyembro ng pamilya sa ibang bansa ng kaniyang mga kostumer. Si Binibining Green ay walang Australian Business Number at naniningil ng mababang halaga para sa kanyang mga serbisyong pagpapadala ng pera. Si Binibining Green ay gumagamit ng isang nakarehistrong provider ng pagpapadala ng pera upang magpadala at tumanggap ng pera na ipinamamahagi niya sa kanyang komunidad. Si Binibining Green ay dapat magparehistro sa AUSTRAC kahit na siya ay kumikita lang ng kaunting pera mula sa kanyang mga gawain, tumatanggap lamang ng maliit na bilang ng mga transaksyon sa pagpapadala ng pera sa bawat taon at ginagamit ang mga serbisyo ng isang nakarehistrong provider ng serbisyong pagpapadala ng pera. Ang pagkabigong gawin ito ay maaaring magresulta sa mga multa na aabot sa $420,000 o posibleng pagkakulong o pareho.

Halimbawa 3:

Si Ginoong Jones ay nagpapatakbo ng negosyong nakatalaga sa Melbourne na nag-aalok ng mga serbisyong pagpapadala ng pera para sa mga kostumer sa ilalim ng dalawang magkaibang mga paraan sa negosyo. Siya ay nagbibigay ng mga serbisyong pagpapadala ng pera bilang isang nakarehistrong kaakibat (affiliate) ng isang network provider ng pagpapadala ng pera at nagbibigay din ng mga serbisyong pagpapadala ng pera sa ilalim ng kanyang sariling pangalan ng negosyo,

"Mga serbisyong pagpapadala ng pera ni Ginoong Jones", gamit ang kanyang sariling mga sistema at plataporma ng pagpapadala ng pera. Sa ganitong mga pagkakataon, dapat hiwalay na iparehistro ni Ginoong Jones ang kanyang negosyo na "Mga serbisyong pagpapadala ng pera ni Ginoong Jones" sa AUSTRAC bilang isang independiyenteng provider ng pagpapadala ng pera. Ang pagkabigong gawin ito ay maaaring magresulta sa mga multa na aabot sa $420,000 o posibeng pagkakulong o pareho.

Bisitahin ang **austrac.gov.au/moneytransfer** para sa karagdagang impormasyon.